

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 29, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

**Ang Long Beach ay Nagpalawak ng Pagsusuri sa
COVID-29 sa Pamamagitan ng Bagong Lugar ng
Pagsusuri ng Komunidad**

***Ang lugar na ipinatayo ay bahagi ng isang pakikipagtulungan ng
Estado, County, at ng OptumServe.***

Long Beach, CA - Kasunod ng kamakailang anunsiyo ni Gobernador Gavin Newsom na magdagdag ng mahigit sa 80 lugar ng pagsusuri sa buong estado na nakatuon sa mga nangangailangang komunidad, ang Long Beach ay maglulunsad ng lugar ng pagsusuri sa Jordan Plus High School (171 W. Bort St.). Ang bagong lugar ng pagsusuri ay magbubukas sa Abril 30. Ang bagong lugar na ito ay isa sa 80 na lugar ng pagsusuri na gumagana sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa OptumServe, ang serbisyong pangkalusugan ng pamahalaang pederal ng Optum, isang nangungunang kumpanya ng makabagong serbisyong pangkalusugan.

“Kami ay nagpapasalamat sa Gobernador Newsom at ang County ng Los Angeles para sa pagtatag ng lugar ng pagsusuring ito sa Long Beach, na nagpapahintulot na makapagpasuri ang mga residente,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpapalawak ng kapasidad ng pagsusuri ay kritikal sa pagsubaybay, pagkontrol, at pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.”

Ang pagsusuri ay magaganap sa Jordan Plus High School, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Lunes hanggang Biyernes, na may magagamit na paradahan. Ang mga kawani ay mangangasiwa sa pagsusuri na nasal-pharyngeal swab. Kinakailangan ang mga appointment. Sa ibaba ay ang pangunahing impormasyon tungkol sa bagong lugar ng pagsusuri:

- Ang pagsusuri sa Abril 30 at Mayo 1 sa Jordan Plus ay magagamit lamang ng mga frontline na manggagawa kabilang ang mga unang tumutugon, kritikal na tauhan ng gobyerno, mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan, at mga manggagawa sa groseri.
 - Ang mga indibidwal ay maaaring hindi nagpapakita ng sintomas.
 - Ang mga appointment ay maaari lamang ma-iskedyul sa pamamagitan ng telepono.
 - Ang linya ng telepono upang magpa-iskedyul ng mga appointment ay magiging aktibo sa Abril 29. Sa oras na iyon, ang mga mahahalagang manggagawa ay maaaring tumawag sa (888)634-1123 upang makapag-appointment para sa Abril 30 at Mayo 1.
- Simula Mayo 4, ang mga miyembro ng komunidad na nakakaranas ng sintomas, bilang karagdagan sa mga mahahalagang manggagawa, ay maaari na ring magpa-iskedyul ng appointment sa lugar ng pagsusuri sa Jordan Plus.
 - Ang [appointment scheduling platform](#) ay magiging aktibo online sa Mayo 2 para magpa-appointment sa susunod na linggo.
- Ang bagong lugar na ito ay magbibigay ng karagdagang pag-access sa mga pagsusuri at nagpapalawak ng kapasidad upang madagdagan ang mga pagsusuri ng pangmatagalang tauhan at mga residente.
- Habang ang bagong lokasyon ay matatagpuan sa Long Beach, hindi ito limitado sa mga residente ng Long Beach. Ito ay madali ring puntahan ng mga nakatira sa Signal Hill, Rancho Dominguez, Compton, Carson, Bellflower at iba pang kalapit na mga lungsod.
- Ang pagtataguyod ng mga bagong lugar ay nakahanay sa [plano ni Gobernador Newsom](#) para mapabilis ang pantay na pagsusuri ng COVID-19; pagtaguyod ng isang contact tracing workforce; pagbuo ng mga protokol at suporta ng paghihiwalay; at pag-deploy ng mga sistema ng pamamahala ng data.

Upang malaman kung saan hahanapin ang mga bagong lugar ng pagsusuri, tiningnan ng Estado ang parehong rural at urban nga mga lugar sa buong California. Pagkatapos ay sinuri ang impormasyong ito base sa mga populasyong nangangailangan, upang matugunan ang mga kilalang pagkakaiba-iba sa kita, upang mabigyan ng pag-access ang mga residente anuman ang kanilang katayuang socioekonomiya.

Ang OptumServe ay may malawak na kadalubhasaan sa mabilis na pag-deploy at pag-set up ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan at nagtatrabaho

kasama ang militar sa ilalim ng pamumuno ng dating Army Surgeon General at naretirong Tenyente Heneral na si Patty Horoho, RN.

“Ang OptumServe ay pinarangalan na makatulong sa California sa pagpapalawak ng pagsusuri ng COVID-19 para sa mga residente,” sabi ni Patty Horoho, CEO ng OptumServe. “Dinadala namin ang aming buong pangako at kakayahan upang maglingkod sa mga taga-California, kabilang ang aming malawak na karanasan sa pagsasagawa ng malalaking kaganapang pangkalusugan ng komunidad.”

Ang bagong lugar ay magsisimula na magkaroon ng kapasidad na mangasiwa ng 132 pagsusuri bawat araw. Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay nagtatrabaho rin kasama ang Long Beach City College upang buksan ang bagong lugar sa Veterans Memorial Stadium na may estimadong 100 pagsusuri araw-araw. Plano ng Lungsod na buksan ang lugar na ito sa loob ng susunod na linggo. Kapag naitatag ang dalawang bagong lugar na ito, ang Lungsod ay magkakaroon ng kapasidad na makapagsuri ng higit sa 700 katao bawat araw, bilang karagdagan sa humigit-kumulang na 250 katao bawat araw na maaaring masuri sa St. Mary Medical Center.

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instagram.